

Bubuksan ng Lungsod, County ang isang bagong shelter sa SODO

Inanunsiyo ng Human Services Department (HSD, Departamento ng Mga Serbisyong Pantao) ng City of Seattle (Lungsod ng Seattle) at ng Department of Community and Human Services (DCHS, Departamento ng Mga Serbisyong Pangkomunidad at Pantao) ng King County ang bago at 24/7 na bukas na pinahusay na shelter para sa pagpapabawas ng intensidad na magbubukas sa kapitbahayan ng SODO sa Seattle. Ang bagong shelter na ito ay mag-aalok ng mga pansuportang serbisyo, gagabay para sa pabahay, at nakakatugon sa mga pamantayan sa pampublikong kalusugan para protektahan ang mga kliyente at manggagawa laban sa pagkalat ng COVID-19.

Magsisimula ang pagpapatakbo ng shelter sa unang bahagi ng Nobyembre nang may layunin na maabot ang ganap na pagkapuno sa unang quarter ng 2021. Inaasahang mabibigyang-lugar ng shelter ang 275 kama ng shelter. Ililipat ng Salvation Army ang apat na umiiral na programa—ang ilan ay mga pangunahin/pangmagdamagan lamang na shelter—sa isang bagong 24/7 na bukas na shelter na may mga pansuportang serbisyo at access sa kalinisan. Ang mga inililipat na programa ay ang mga umiiral na programa sa shelter ng City of Seattle sa City Hall at Fisher Pavilion ([na isang lugar para sa pagpapabawas ng intensidad para sa programa ng City Hall](#)), at mga pinopondohang programa ng King County sa 4th at Jefferson Street at ang King County Administration Building. Nagbibigay-daan ang mga paglipat na ito na maging available ang Fisher Pavilion at City Hall bilang mga shelter sa panahon ng matinding taglamig.

Pinaplano ng DCHS na ilipat ang pansuportang programa sa hindi pagiging lasing at sa paggaling mula sa pansamantala nitong lokasyon malapit sa Recovery Café patungo sa bahagi ng lugar ng SODO sa isang punto sa 2021.

Ang gusali, na inuupahan ng King County, ay orihinal na idinisenyo bilang isang sentro para sa pag-quarantine, pagbubukod, at paggaling para sa COVID-19 upang makatulong na iwasang mapuno ang mga sentrong medikal ng rehiyon. Hanggang sa kasalukuyan, hindi pa kinailangan ang pasilidad para sa pagtugon sa COVID-19.

Ang shelter ay may mataas na kalidad ng sistema ng pansala ng hangin, pisikal na espasyo, at access sa kalinisan para mapangasiwaan ang parehong usok mula sa sunog sa gubat at COVID-19. Noong Setyembre, [pansamantalang ginamit ang pasilidad bilang isang shelter laban sa usok mula sa sunog sa gubat](#) at nagsilbi ito sa 80-100 tao 24 na oras sa isang araw sa panahong iyon.

Pinondohan ang bagong shelter na ito sa pamamagitan ng kombinasyon ng mga Pederal at lokal na mapagkukunan para sa emergency. Ang upa ng King County sa gusali ay para sa tatlong taon.

Mga Karagdagang Mapagkukunan na Paparating Online

Bilang bahagi ng badyet ng Meyor para sa 2021, pinaplano ng lungsod na mamuhunan ng [\\$34 na milyon sa mga bagong mapagkukunan para sa shelter](#) sa mga susunod na buwan. Popondohan ng mga bagong mapagkukunang ito ang 300 pansamantalang kuwarto sa hotel at 125 bagong yunit ng pinahusay na 24/7 na bukas na shelter. Kasama rin sa panukala ng Meyor ang pagtaas ng pagpopondo para sa Mabilis na Muling Pabahay at Pag-iwas sa Kawalan ng Tahanan.